PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE

NEWS AND INFORMATION BUREAU

INTERVIEW WITH PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR

BY LEO PALO/PALONG-PALO SA UMAGA/DZME

March 7, 2018

SEC. ANDANAR: (recording start)… bilang kasama ni Pangulong Duterte for the longest time, meron din siyang karanasan sa Congress at ngayon naman sa Executive Branch of government bilang alter-ego ni Pangulong Duterte.

Pangalawa, alam na ni SAP Bong Go kung ano ang takbo ng utak ni Presidente Duterte. Therefore, kaya niyang alalayansa Senado ang ating mahal na Pangulo sa kanyang mga legislative priorities.

Number three, kailangan natin ng isang no nonsense workaholic tulad ni SAP Bong Go. Parang dinala mo na rin si Presidente Duterte sa Senado, kasi si SAP Bong Go ang ultimate alter ego ni Pangulong Duterte.

Kaya para sa akin "Go for Senate." Iyan. Kaya iyan ang para sa akin Leo, na si SAP Bong Goilagay natin sa Senado hindi tayo malulugi, hindi tayo in the losing end. Sapagkat alam natin na Bong Go will really go for gold.

LEO: Iyon oh, go for gold. Ito ang ano naman the other side of the coins, kasi sabing ganoon, baka naman maiiwan si Presidente, paano naman, sino ang magiging katuwang ng Pangulo kapag siya ay naging senador na.

SEC. ANDANAR: Alam mo iyong mga problemana iyan, puro speculative iyan eh. So, para sa akin, ang problemahin natin ang ngayon, kung ano iyong mga challenges natin ni this day. At alam natin na one of the challenges ay iyong magkaroon ng isang ally, madagdagan ang ally ni Pangulong Duterte sa Senado. Eh, since the Special Assistant to the President Bong Go is such a popular man, walang kaduda-dudana siya ay mananalo, pasok iyan. Palagay ko 1,2,3 lang iyan si SAP Bong Go kapagtumakbong senador.

At alam natin na ang kanyangpuso ay nasa bayan talaga, nasa public service. Alam mo ang tagal na si SAP Bong Go sa public service. Napakayaman ng pamilya niyan, hindina niya kailangang mag-public service eh. Pero bakit ang isang SAP Bong Go na nag-aral sa La Salle, buenafamilia, eh tapos, wala naman siyangkamag-anak na Congressman o Mayor o konsehal, eh siya ay talagang Assistant ni Mayor Duterte noon, Congressman Duterte noon, Vice Mayor Duterte noon at ngayon ay Presidente na. So makikita mo na iyong puso niya ay nasa public service.

And there was a time also that I asked him the same question, Leo. Ang sabi niya sa akin na bata pa talaga ang kanyangpangarap na ay makapaglingkod sa bayan at makapagtrabaho ng matiwasaypara sa isang pulitiko.

So talagang ang kanyang ginagawa ngayon ay bagay nabagay na kanya. This is something that he really loves to do and when a person loves to do what he is doing, it is not work him. Kanyamakikita mo na si SAP Go masaya sa kanyang ginagawa, ang kanyangdedikasyon ay 101%. So, therefore, palagay ko, kung anuman ang ibinigay niyang oras kayPangulong Duterte sa kanyangpagka-Presidente, pagka-Mayor, Vice Mayor, Congressman ay 101% din ang ibibigay ni SAP Bong Go sa Senado.

LEO: Secretary hindi na ba… ito nakakatuwang tanong ito, tinatanong dito eh. Hindi na ba makakasama ni SAP Bong Go sa Senado si Trillanes, if ever. [Laughs]

SEC. ANDANAR: Last term na ni Senator Trillanes eh.

LEO: Pero Secretary kidding aside. Si Secretary Bong Go kasi, is sabihin ko nga eh, ang ano diyan is a man of a few words. Pero grabekapagumaksyonlalong-lalona sa public service. Hindi na kailangan magsalita, talagang ginagawa na niya. Makikitan'yo naman kahit wala si Presidente—mga kababayan, kahit si Presidentenagpapahinga, siya nandoon siya sa areas… nauuna na siya at sinasabi na niya, ganito, ganoon, ganoon darating ang Pangulo, wag kayong mag-alala. Talagang darating, kapag sinabi niyang darating.

At iyong nauuna siya doon sa calamity, naalala ninyo iyong calamity diyan sa Davao, nauna na siya, siya pa ang nagre-rescue di ba?

SEC. ANDANAR: Oo, tama.Kaya nga sinabi kokanina, SAP Bong Go is the ultimate alter ego of the President. Kung ano ang nakikita mo nakasipagan ni Presidente Duterte, ganundin ang kanyang ultimate alter ego na si SAP Bong Go.

So walangkuwestiyonsa diligence, sa hardwork, the value of hardwork eh meron si SAP Bong Go. Pagdatingna sa karanasan, experience sa legislative branch, sa Congress, sa Executive branch, sa local government units, kumpleto rin siya dahil kasama siya, nandoon siya nung time na naging Congressman si Presidente. Mayor, Vice Mayor nandoon din siya eh. Ngayon, Presidente nandoon din siya.

So kumbaga, kungikaw ay nag-aaral, naging PhD ka na sa public administration. Eh di ba lahat ng papel dumadaan kay Bong Go. Lahat ng tawagdumadaankay Bong Go; mga desisyon na hindi na kailangang basahin ni Presidente, na kay Bong Go. So ibig sabihin nito kung ano ang success na nakikita natin kay Pangulong Duterte, lahat iyan ay dumadaan kay Bong Go.

Therefore, he is a major part of the success of Presidente Duterte now, whois enjoying more than 80% of approval from the public. So, Bong Go is therefore 0ne of the formulas of Presidente Duterte's success. Okay. So, kungmeronkang isang taong ganoongkataas ang kredibilidad at value, ay bakit natin iiwas sa kanya ang pagiging Senador, di ba? If you will be a great addition to the Senate, then let him in in the Senate.

Pero of course, at the end of the day, Leo, nasa desisyon iyan… well number one, ni Pangulong Duterte. Kasi sabi ni SAP Bong Go kahapon, dependekay Presidente. Number two,nakay Bong Go, pamilya niya.

But with enough encouragement and prodding I think SAP Bong Go and even the President will give way for SAP Bong Go's run for Senator. The same way that President Duterte ran for the President, because of our encouragement and prodding. So antayin natin, antayin natin, tutalmeronnamang survey, di ba merong survey na mangyayari.

Kapag nag-survey ang SWS, ang Pulse Asia kung gusto ng taumbayan ilagay si Bong Go sa Senado, di sabihinn'yo na sa survey na gusto ko si Bong Go sa Senado. Pag lumabasna okay, di, it's up to them already.

LEO: Actually, isa po sa naging ano din, naging nakikitang ano… kaya siguro nagsalita din ang ibang mga partido na si Bong Go talaga puwedeng maging senador, bukod po sa inyo eh, ang sabi nga eh sa dami ng taong sumuporta sa kanya, doon lang ha sa pagharap niya sa Senado, worldwide eh talagang grabengsuporta, Secretary.

SEC. ANDANAR: Ay, iyan talaga namanghindi iyan maitatanggi na online, physically makikita mo napakadaming tao, kahitsaan kami magpunta ni SAP Bong. Alam mo number one napinakamarmaingnagpapa-picture kay Presidente, number two si Bong Go. Pagdatingsa popularity lang, no question about it, hands-down. Kung kalaban ka natumatakbokang Senador, eh isabit mo na iyong tuwalya mo sa boxing ring, hindi ba?

LEO: Ganoon talaga. Parang ano na, wag ka nang lumaban, parang ganoon eh.

SEC. ANDANAR: Kumbaga, kunghalimbawa ay tingnan natin ngayon sa mga survey. The survey will speak for itself. Kung nandoon si Bong Go sa top 12, eh di tama ako, kung wala di mali ako, di ba? Ganoon langyun eh!

LEO: Pero naniniwala ba kayo doon sa survey, eh si Presidente naalala ko, that time napakalayo ni Presidente, bakit nanalo.

SEC. ANDANAR: Ay of course, depende iyan, kasi kapagitinaasna ni Presidente iyong kamay mo, at sinabi niya na ito kandidato ko pagka-senador, automatic iyan. Siyempre iyong 82% na sumusuportakay Presidente eh malaking bahagi noon, ay malamangsusuporta din sa sabihin ni Presidente, sapagkat alam naman nila na kailangan ni Presidente iyong kanyang mga legislative priority ay maipasa sa Kongreso at saka sa Senado.

And the only way for you to pass your legislative priority is to have more allies in the senate and more allies in Congress, di ba? Ako as a colleague in the Cabinet of Bong Go and as a personal friend, I believed that he will be a great addition to the senators that we have in the senate.

LEO: Sa Cabinet, Secretary siyempre noong Lunes, may Cabinet meeting kayo, siyempre, if I am not mistaken, napag-usapan din ang possibility. Ano ang sabi ng mga gabinete?

SEC. ANDANAR: Eh, iyon kaagad ang napag-usapan eh. Alam mo naman mga kaibigan ko sa gabinete, nandoon si Secretary Esperon, ako, tapos sila ni Manny Piñol, eh sino pa ba, si CabSecEvasco.

LEO: Lopez.

SEC. ANDANAR: Oo, lahat. Actually natutuwa! Kasi di ba tahimik lang si SAP Bong, tapos ngayon eh pinag-uusapan na iyong kanyangposibilidad sa kanyangpagtakbo. Pero siyempre naiisip mong mahiyain iyan, tapos tawalang ng tawa.

LEO: Iyon nga ang sabi ko eh, a man with few words, pero grabe.

SEC. ANDANAR: And the more na nag-aayaw pa siya, eh the more na dumadami iyong mga kaibigan na "tumakbo na." This is really a great part of our narratives for the week, or maybe for the whole month. Nakakatuwa lang na to see a friend who is being pushed, egged to run for the senate at itong kaibigan naman natin, ay hindi naman niya ine-expect na talagang tahimik lang siya, hindi nagsasalita. Biglang, hindi lang ako.

Noong una! Actually nung una ganito, Leo! Siguro mga, matagal na, mula nung magkasama kami, tapos paulit-ulit kung sinasabingtakbokang senador, tapos sabi niya sa akin, "wag kangmaingaydiyan, ang dami nating trabaho, trabaho na lang tayo dito". Pero alam niya nagjo-joke lang ako, pero seryoso ako na, senador ka na lang parasiguradomeron tayong kakampi sa senadona talagangtaga-Davao.

So noong una, siguro I mentioned four times sakanya, tapos sabi niya 'wag nating pag-usapan, dito na lang tayo, dito tayo kay Presidente hanggang matapos, dito lang tayo." Oh okay, tapos ngayon...

LEO: Biglanglumutang,

SEC. ANDANAR: Ang dami na. EH sabi ko sa kanya, wala na akong magagawa.

LEO: Ito ha, for example si [TatayYaz?] – ang administrator ng Global Friends of Rodrigo Duterte – ang ganda ng blog niya, "Let's Go, Senator Bong Go, a bridge between senate and the Palace"

SEC. ANDANAR: Oo, saka alam mo kasi Leo, ako ay naniniwala din na kapag tumakbo si SAP Bong Go as senator, sa sobrang close ni SAP Bong Go kay Presidente, na talagang sanggang-dikit talaga ay ang kanyangmakukuhang boto ni SAP Bong Go will also be a fresh mandate palagay ko, for the President.

So, halimbawa, kapag sinabi na, number one si Bong Go sa 2019, ay makikita natin na talagang ganyankamahal ng taumbayan ang Pangulong Duterte, sapagkat iyong kanyang ultimate alter ego ay binigyan nila ng ganyangsapat, Leo ha? Pakiramdamko, makakakuha pa si SAP Bong Go ng napakataas na boto at ito ay magiging historic iyong kanyang boto. Sapagkatnapakataas at sumasalaminsatiwala ng taumbayan kayPangulong Duterte.

So, kung ako sa kanya eh, why not, coconut, di ba?

LEO: Eh ano kaya kungmagtayo na lang tayo ng, siyempre, ito gayanito, eh Secretary Andanar: "dapat itayo mo na ang Go for Senator Bong Go Movement, movement ang gusto nito."

SEC. ANDANAR: Naku, iba na iyan, movement na iyan. No, no! Alam mo iyong movement kasi, bago mag-movement iyan kailangan merong mga advocate eh, di ba? So may advocacy, so iyong advocacy ay patakbuhin si Bong Go. So of course dapat manggagaling iyan sa taumbayan.

LEO: Yes, oo pero may advocacy naman talaga, eh kung ang ating mga ka-DDS, iyong mga ka-BBM na nakikinig ngayon, na nanunuod sa atin worldwide, eh gusto naman talaga nila eh na patakbuhin si SAP Bong Go din!

SEC. ANDANAR: Oo, siyempre, pero iyong mga gustongtumakbong senador at naa number 13 na o number 12, siyempre ayaw nila, kasi may papasok na bago.

LEO: Iyon ang ano diyan eh. Well, sabi ko nga si SAP Bong Go ay masasabi kong puwedeng-puwede naman talaga. Sa sarili ko lang din naman na opinion eh sabi ko, eh paano kaya si Presidente kapag wala si Sec. Bong Go? Kasi sabi ko ang Pangulo, lahat na yata, lahat na yata ng gustong sabihin ng Pangulo, parang si SAP Bong Go lahat ang sumasalo.

SEC. ANDANAR: Oo, bumili tayo halimbawa ng mga rockets, 'Bong ipaalala mo sa ano, pabili ng rocket.'

LEO: O di ba? Iba eh.

SEC. ANDANAR: So alam mo, these are speculative questions or fears na puwedeng mangyari in the future. Pero you know, alam naman natin na the President is one of the most experienced public administrators, public servant in this country. So I do not foresee any problem pagdatingdoon sa magiging operation ng ating mahal na Pangulo sa Ehekutibo. At alam naman natin na puwede pa naman maging ano si Bong Go eh, maging SAP eh. Ito, ito… kahitna senador na siya, puwede pa rin siyang maging SAP.

LEO: Ah okay. Puwede pa rin?

SEC. ANDANAR: Hindi… Senator Assistant to the President.[Laughs]

LEO:[Laughs]Oo nga pala 'no, SAP. [Laughs]Naisahan mo ako doon ha. SAP pa rin, Senator Assistant to the President, mas malapitna… Eh paano ang hirap niyan, paano kung siya iyong magiging ano - magdilang-anghelnawa ako - eh paano kung siya iyong maging Senate President? 'Di SPAP na [Laughs]… maging SPAP. [Laughs]

SEC. ANDANAR: Oo… Hindi, nandiyan pa si Koko Pimentel eh.

LEO: Oo, [Laughs]hindi ko lang sinabi. Koko, okay lang ha. Peace, peace. [Laughs]Hindi naman banta.Oo, hindi naman banta. 'Ayan sabi dito—naku, ano 'to?Komento ba ito?Oo,

komentodaw ito, may comment: “Bakit hindidaw niya samahan sa Senado si SAP Bong Go para Go and Andanar sa Senado.” ‘Yun oh.[Laughs]

SEC. ANDANAR: Ay huwag, huwag. Kasi marami pa tayong assignment dito sa Gabinete. So far eh kailangan pa naman tayo ni Presidente dito, marami pa tayong—In fact, mayroon akong bagong project ulit na i-a-announce, pero next week na.

LEO: Uy! Ah okay, okay…

SEC. ANDANAR: Kasi ang ating mga kaibiganna mga radio reporters of course, saka mga news reporters ay nai-scoopan doon sa Government Satellite Network. Saka na iyong isa ha… i-a-announce ko rin iyon in due time.

LEO: ‘Yan, yan. Para ka ding si SAP eh, ‘man of a few words’ pero nagugulatna lang dami mong ginagawa na.

SEC. ANDANAR: Oo. So Leo iyon lang sa akin, sana ay tanggapin ni SAP Bong Go ang outcry na siya ay tumakbo. Pero matagal pa naman iyon—

LEO: Pero ito, magandang tanong ito. Dati—kasi friend mo si SAP Bong Go, dati ‘pag sinabi ni Sec. Bong Go no talaga eh, no as in no. Pero ngayon parang nawala iyong ‘no.’ Medyo nakilitina ba siya talaga? [Laughs]

SEC. ANDANAR: [Laughs]Hindi, ganoon pa rin naman… iyong mga selfie. So, marami, marami talagang iyong natutuwa.Nakakatuwa, kasi ang daming natutuwasa kaniya. Oo, ang daming… sinasabi na you know this guy really deserves it kasi ang tagal na niyang nasa gilid ni Presidente Duterte at kita naman natin na the success of the President is also the success of the management of the Palace, the success of the management of the Palace of Malacañang is… the man behind it is—one of the men behind this is SAP Bong Go.

So… of course kasama sila ES diyan at si CabSecEvasco. Pero kita naman natin na personal… saka iyong schedule ni Presidente, official schedule—personal and the official schedule ni Presidente ay si SAP Bong Go talaga iyong nandiyan. Saka lahat ng mga papelesna kailangan pirmahan ni Presidente, dumadaan kay SAP Bong Go. And the popularity, the approved satisfaction of the people to our President Duterte more than 52% ay si Bong Go iyong nasapaligid ni Presidente.

So I’d like to congratulate SAP Bong Go for the immense success, and of course right now for the outcry of the public for him to run for the Senate. And ako personally as a friend, Go for Senate.

LEO: Iyon oh. Ang ano ha, ang MRRD, NACC, LGBT Pilipinas sabi dito: “There is nothing wrong that SAP Bong Go will become a senator. Let’s go, Bong Go!” Sabi ni Sir Faustino. ‘Ayan na oh… iyan ang sinasabi ko eh. Pati iyong ArangkadaKabitenyoni Mayor MackyAtencio, ‘ayan nanonood at nakikinig na sa atin ngayon. Gusto niyang malaman[Laughs]… pati sina Sir Edoy oh, o kita mo nalalaman. Si Maharlika medyo ano pa…

nasabiyahe pa, mamayadawipo-forward daw niya on air at ishe-share daw niya on air para sa mga ka-Maharlikans at mga ka-BBM ang isyung ito, ‘ayan.

Gusto nila… sabing ganoon: “Good job Secretary Andanar. Proud… send power be with you.” Ah okay… ‘ayan oh ang dami na, ang dami nang mga reaksiyon dito Secretary Andanar. “Kung tatanungin ako, Martin for Sena…” [Laughs]sabi niMacky.

SEC. ANDANAR: Huwag ninyo na akong isamadiyan.

LEO:[Laughs]‘Ayun… “Mabuhay ka SAP Bong Go. Yes for Senator!” sabi ni Mika… “Go, go Bong! Go yes for Senator!” ‘Ayanna, ang dami na… sangkatutak na ito. Hindi ko na mabasa isa-isa… [reads greetings from listeners]

SEC. ANDANAR: Mayroon na akong linya para sa ano—

LEO: Wait, ano ‘yan, ano ‘yan? Sige, game.

SEC. ANDANAR: Hindi, para sa mga nasa parlor.

LEO: [Laughs]Oh sa mga nasa parlor daw, makinig…

SEC. ANDANAR: “Gorabels 2019”

LEO: Iyon oh… “Gorabels…” [Laughs]Marunong ka ha…

SEC. ANDANAR: Ang pinakagustoko iyong theme song, iyong jingle.

LEO: Uhum… ano?

SEC. ANDANAR: “Wake me up, before you go go…”

LEO: ‘Yan oh… iyon ‘yun eh…[plays the song Wake me Up…] Alright! Pati ako napapaindak dito eh. Pati mga nanonood oh..ayos lang ba? Go for Bong Go daw. Pakinggan ninyo ‘to, paano ko papalitan ng wordings ‘to [Laughs]… biglangpapalitan ng wordings eh. Ah sige nga Secretary Andanar, ano ipapalit mo rito?

SEC. ANDANAR: Sigepalitan mo ng wordings, tapos… Sige, sigepalitan natin.

LEO: Palitan natin sir, ito ba gagawin mong jingle?

SEC. ANDANAR: Kaso baka ano eh… baka mabuhay so Boy George.

LEO: Hindi, ipaalam natin kay Boy George [Laughs]. Buhayin natin.[Laughs]

PALO: Anyway, again, Secretary, thank you so much for your time dito sa DZME. At mukhang dito mo in-announce ito ha!

SEC. ANDANAR: Hindi, tinanong mo ako eh di sinagotkitakung ano iyong … Iyan naman ay sa ganang akin, my own opinion.

PALO: Okay. Sabi dito: "Secretary Andanar, ikaw po ang mangunguna sa adhikain natin. Bong Go for Senator Movement." Yari ka!

SEC. ANDANAR: Go for Senate, Go for Senate Movement.

PALO: Good morning daw sabi ni …mga taga-Maharlikan, sabing ganoon, sabi ni Bb. Maharlika, "Maharlikans will support Secretary Andanar for senator."

SEC. ANDANAR: Hindi, si Bong Go ang ating mamanukin.

PALO: Hoy, Maharlika, ikaw ha! Si Secretary Bong Go muna, ikaw talaga! Ulitin mo iyon, ulitin mo message mo. Sabihin mo diyan, "Maharlikans, let's support Bong Go." Bakit Martin Andanar itong nababasako dito. Ikaw ha! Nanood si Maharlika.Batiin mo naman iyong mga Maharlikans!

SEC. ANDANAR: Hello, good morning. Ano ba, good evening na ba sa—

PALO: Good evening doon. Ay hindi, good afternoon.

SEC. ANDANAR: Good afternoon, Maharlika at lahat ng MaharlikansdiyansaEstadosUnidos at sa iba pang parte ng mundo.

PALO: Mga BBM at saka DDS, mamayamagalitsa'yo.

SEC. ANDANAR: DDS, lahat ng mga DDS, mga Cayetano group, mga BBM group lahat, good morning.

LEO: Gaya nito, Alice Marcial from Hong Kong, sabi niya: "More power Sec. Andanar, watching from Hong Kong." Thanks Madame Alice for always there. Talagang binabantayan, yari ka!

Maharlika, ulitin mo iyan, ulitin mo iyan! Sabihin mo Bong Go! Puwede naman "Andanarsa Senado, Martin Andanar" sabi ni Ma'am Boobsie. Kayo, baka mamayamakiliti ito ha!

SEC. ANDANAR: Hindi, hindi! Wala, wala akong kiliti!

SEC. ANDANAR: Siya nga pala, ang sabi ni Presidente doon sa speech doon sa Go Negosyo, "Go Negosyo" 'di ba? Sabi ni Presidente doon sa speech, "Go after organized crimes." Ang dami, ang dami! So parang kahitsaanmagpunta si SAP Bong Go ay...

LEO: Mayroong katapatan,

SEC. ANDANAR: ...may senyales.

PALO: Anyway, tingnan natin kung ano ang magagawa natin dito. At siyempre pa sapangunguna ni Sec. Martin, si Sec. Martin na po. Ikaw ba ay nangangampaniya! Nangangampaniya ka na ba, Sec?

SEC. ANDANAR: Hindi, tinanong mo lang ako. Sinasagotlangkita kung ano ang nasa kalooban ko. Anyway, Leo, papuntana ako ng Davao ngayon kasi mayroon tayong emergency broadcast system na sinusubukan. So napakagandang technology ito! Babalitaanna lang kita.

PALO: Ganyan ka naman. Sa Sabado, iiwanan mo na naman ako.

SEC. ANDANAR: Hindi kasi maganda itong emergency broadcast system. First time in the Philippines naginagamit natin iyong isang frequency ng television para sa emergency warning system.

PALO: Tama iyon.

SEC. ANDANAR: Pakitako na lang sa inyo mamaya.

PALO: Maganda iyan. Live ba iyan, ila-live mo iyan?

SEC. ANDANAR: Baka live sa Davao, hindi dito.

PALO: Ah ganoon. Dapat i-live na rin sa Facebook para makita namin dito.

SEC. ANDANAR: Puwede, puwede.

PALO: Well, Secretary again, thank you for your time. Baka mayroon kang last parting words!

SEC. ANDANAR: Well, salamat din, Leo, at sa mga tagapakinig natin dito sa DZME. Ang sa akin lang ay tuloy lang ang ating trabahopara sa taumbayan. Ang PCOO po ay nandito paramagserbisyoparasa buong bansa. Kami po ay PCOO ng buong Pilipinas!

Gusto ko lang sabihin sa lahat ay patuloy din po ang kampaniya ng PCOO to fight fake news. So itong Presidnetial Communication Officers Network ay umiikot po sa buong Pilipinas para po labanan ang fake news, at the same time, parahikayatin ang ating mga information officers na sumali dito sa Information Officers United Movement Against Fake News. Maraming salamat at mabuhay.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)